

EKYUMENIKAL NA PAGSAMBA

**PARA SA ISANG
LINGGONG
PANALANGIN PARA SA
KRISTIYANONG
PAGKAKAISA**

**“ANG PAG-IBIG NI CRISTO ANG
NAGTUTULAK SA AMIN”**

(2 Corinto 5: 14 - 20)

PANIMULANG PAGSAMBA

I. PAGTITIPON

Himno Prosesyonal

Ang mga mangunguna sa pagdiriwang ay papasok at ang may hawak ng Bibliya, kandila at asin.

PANIMULA

L: Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo.

K: Amen.

L: Ang pagpapala at kapayapaan ng Panginoon sa pamamagitan ni Cristo ay sumainyong lahat. (2 Cor. 5:18)

K: At sumaiyo rin.

PANIMULANG PAGBATI

L: Mga minamahal na kapatid kay Cristo, ngayung taong ito ay gugunitain ng maraming kristiyano at mga simbahan ang anibersaryo ng Pagbabago. Ipinapaalala sa atin ni San Pablo na tayo ay ipinakasundo sa Diyos sa pamamagitan ni Hesukristo at ang pag-ibig ni Kristo ang siyang humimok sa atin na maging mga ministro ng pagkakasundo. Sama-sama nating sambahin natin at purihin ang Diyos ng may pakikipagkaisa sa Banal na Espiritu.

Isang Himno Ng Papuri

II. PANGUNGUMPISAL

L: Sa ating kasaysayan, maraming mga pagkilos ang simbahan tungo sa pagkakasundo, na nangangailangan ng mas malalim na ugnayan sa ulo ng Iglesya, si Hesukristo. Minsan ang mga pagkilos na ito ay nagbubunga ng hindi sinasadyang pagkakabaha-bahagi. Ito ay sumasalungat sa hiniling ni Hesukristo sa Ama sa Juan 17:23: “upang sila’y maging ganap na maging isa. Dahil dito, makikilala ng mga tao sa daigdig na isinugo mo ako at sila’y minamahal mo, katulad ng

pagmamahal mo sa akin.” Ating ikumpisal ang ating mga kasalanan at manalangin upang makamit ang kapatawaran at paggaling ng mga sugat na nag-ugat sa ating pagkakabaha-bahagi. At kung balikan natin ang ating mga naging kasalanan, makikita natin kung paano silang nagsilbing pader na naghiwalay sa atin.

Sandaling katahimikan

L: Tayo ay manalangin: Diyos at Ama sa langit, kami ay lumalapit sa iyo sa ngalan ni Hesukristo. Nakadama kami ng pagbabago sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu, gayunpaman, naroon pa rin ang pader na naghihiwalay sa amin, pader na humahadlang sa pagiging komunidad at pagkakaisa. Itinataas naming ngayun sa iyo ang mga bato na itinayo naming upang magsilbing pader sa aming pagitan at dumadalangin kami para Iyong awa at paghilom.

K: AMEN.

(Habang sinasabi ang mga kasalanan, dadalhin ang mga kahon ng karton upang maglagay ng pader. Kasunod ang katahimikan, ang tagapagdala ng kahon ay siyang hihiling ng kapatawaran at sasabihin ng Kongregasyon:” Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkasala sa amin”)

L: Ang isang bato sa aming pader ay “kulang sa pag-ibig”

(Ilalagay ang batong may sulat na “kulang sa pag-ibig.”)

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Cristo ay nagtutulak sa amin na humingi ng kapatawaran kung kami ay nagkulang sa pag-ibig. Buong kapakumbabaan kaming nanalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “pagkamuhi at pag-alipusta.”

*(Ilalagay ang batong may sulat na “pagkamuhi at pag-alipusta”)*jm

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Cristo ay nagtutulak sa amin na humingi ng kapatawaran dahil sa aming pagkamuhi at pag-alipusta sa isa’t-isa. Buong kapakumbabaan kaming nanalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “maling pagpaparatang.”

(Ilalagay ang batong may sulat na “maling pagpaparatang”)

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa maling pagpaparatang sa isa’t-isa. Buong kapakumbabaan kaming nanalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “diskriminasyon.”

(Ilalagay ang batong may sulat na “diskriminasyon”)

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa lahat ng uri ng pagtatangi at diskriminasyon sa bawat isa sa amin. Buong kapakumbabaan kaming nanalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “pag-uusig.”

(Ilalagay ang batong may sulat na “pag-uusig”)

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa pag-uusig at pagpapahirap sa bawat isa amin.

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “nasirang kaisahan”.

(Ilalagay ang batong may sulat na “nasirang kaisahan”)

T: Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa nasirang kaisahan sa pagitan ng mga simbahan. Buong kapakumbabaan kaming nanalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “hindi pagpaparaya”.

(Ilalagay ang batong may sulat na “hindi pagpaparaya”)

T. Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa hindi namin pagpaparaya na naging dahilan ng pagkawala ng aming mga kapatid sa aming lupain. Buong kapakumbabaan kaming nananalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

L: Ang isang bato sa aming pader ay “hidwaan ng mga relihiyon”.

(Ilalagay ang batong may sulat na “hidwaan ng mga relihiyon”).

T. Mapagpalang Diyos, ang pag-ibig ni Kristo ay nagtulak sa amin na humingi ng patawad dahil sa mga pader na aming itinatag na naging hadlang sa aming pakikitungo sa isa’t-isa sa Iyong pangalan. Buong kapakumbabaan kaming nananalangin:

K: Patawarin mo ang aming mga kasalanan, tulad ng pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin.

ISANG SALMO RESPONSORIO, “PANGINOON, PATAWARIN MO KAMI”

L: Tayo’y manalangin: Panginoon, aming Diyos, tingnan mo ang pader na aming ginawa, na siyang dahilan ng pagkawalay namin sa iyo at sa bawa’t isa sa amin. Patawarin mo ang aming mga kasalanan. Pagalingin mo kami. Tulungan mo kaming mawasak ang pader ng pagkakahati-hati at gawin mo kaming isa sa Iyo.

K: Amen.

III. MAKIPAGKASUNDO SA DIYOS – PAKINGGAN NATIN ANG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA: AKLAT NI EZEKIEL 36: 25 – 27

SALMO RESPONSORIO: AWIT 18: 25 – 32

TUGON: INIIBIG KITA, O PANGINOON, AKING KALAKASAN.

Alleluia (Aawitin ang Koro)

EBANGHELYO (Babasahin ng Selebrante) LUKAS 15: 11-24

HOMILYA

IV. TUGON NG PANANAMPALATAYA

(Aalisin ang pader at mga bato at iaayos ito ng pa-krus habang inaawit ang awit tungkol sa pagkakasundo)

L: Tayo'y manalangin: Mapagpalang Diyos at Ama sa Langit, narinig naming ang iyong mga salita na kami ay naipagkasundo sa Iyo sa pamamagitan ng iyong Anak, si Hesukisto, na aming Panginoon. Sa kapangyarihan ng Iyong Banal na Espiritu, baguhin mo ang aming mga pusong tula dng matigas na bato. Tulungan mo kaming mga daluyan ng pagkakasundo at hilumin mo ang pagkakabaha-bahagi ng aming mga simbahan nang sa gayon, maging mainam kaming instrumento ng Iyong kapayapaan sa mundo.

K: Amen.

L: Ang kapayapaan ng Panginoon ay lagi nawang sumainyo. Magbigayan tayo ng kapayapaan sa bawa't isa.

ISANG HIMNO

ANG PAGLIKOM AT PAGHAHANDOG NG MGA ALAY

V. TUGON NG PANANAMPALATAYA

L: Ipahayag natin ang ating pananamapalataya (Ang Credo)

L: PANALANGIN

Makapangyarihang Diyos, ipinadala mo ang Iyong Anak na si Hesukristo upang ang sanlibuta'y ipagkasundo sa iyo. Pinupuri ka namin dahil sa mga ipinadala mo, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na mga mangangaral ng Mabuting Balita sa lahat ng bansa. Pinasasalamatan ka namin na sa lahat ng bahagi ng mundo, ang komunidad ng pag-ibig ay natipon sa pamamagitan ng mga panalangin at pagpupunyagi, at gayundin, sa lahat ng lugar kung saan ang iyong mga lingkod ay tumatawag. Nawa ang Iyong Espiritu ang siyang gumising sa komunidad na nagnanais ng kaisahan sa iyo. Manalangin tayo sa Panginoon:

Tugon: Panginoon, Dinggin mo ang aming panalangin.

(Sisindihan ang mga kandila mula sa Paschal na kandila)

L: Mapagpalang Diyos, aming idinadalangin ang aming mga simbahan. Punuin mo sila ng katotohanan at kapayapaan. Kung saan ang pananampalataya ay naaabuso, linisin mo ito; kung saan naliligaw ang mga tao, bigyan mo sila ng tamang direksiyon; kung saan nabigo silang ipahayag ang Iyong Ebanghelyo, baguhin mo sila; kung saan nakita nila ang katarungan palakasin mo sila; kung saan sila ay nangangailangan, bigyan mo po sila; at kung saan nagkakaroon ng pagkahati-hati, pagkasunduin mo sila. Manalangin tayo sa Panginoon:

Tugon: Panginoon, Dinggin mo ang aming panalangin.

L: Diyos na lumikha, ginawa mo kaming kawangis mo at iniligtas sa pamamagitan ni Hesukristo, ang Iyong anak. Bigyan mo ng awa ang buong sanlibutan; alisin mo ang pagkapoot at kayabangan na nakaka-apekto sa aming mga puso; gibain mo ang pader na naghihiwalay sa amin; pag-isahin mo kami ng may pag-ibig. At maging sa aming mga kahinaan, gumalaw ka sa amin upang maganap ang iyong mithiin sa mundong ito, upang ang bawat tao at bansa ay maglingkod ng may kaisahan. Manalangin tayo sa Panginoon:

Tugon: Panginoon, Dinggin mo ang aming panalangin.

L: Banal na Espiritu, Tagapagbigay ng Buhay, kami ay iyong nilikha upang maging buo at maibahagi ang buhay na ito sa aming mga kapatid. Gisingin mo sa amin ang iyong awa at pag-ibig. Bigyan mo kami ng lakas at tapang na gumawa para sa katarungan ng ng nasa aming kapaligiran, na lumikha ng kapayapaan sa loob ng aming mga pamilya, bigyan ng lakas ng loob ang maysakit at mga naghihingalo, at ibahagi ang lahat sa amin sa mga nangangailangan. Para sa pagpapanibago ng aming mga puso, manalangin tayo sa Panginoon:

Tugon: Panginoon, Dinggin mo ang aming panalangin.

L: Panalanging Bayan (NCCP)

Manalangin tayo sa Panginoon.

Tugon: Panginoon, Dinggin Nyo Kami.

Ama Namin (Maaring Awitin)

VI. Mga Sugo ni Kristo – Ministro ng pagkakasundo

(Ang 12 ay ipapasa ang kandila sa kongregasyon hanggang ang lahat ay naliwanagan ang kandila)

L: Ang liwanag ng kandila ay simbolo ng sanlibutan; binibigyan nito ng liwanag ang kadiliman, nagbubunga ng seguridad at pagkakaisa ng komunidad. Sumisimbolo ito kay Kristo, ang liwanag ng sanlibutan. Bilang sugo ni Kristo, ating dadalhin ang liwanag na ito sa mundo, sa mga madilim na lugar kung saan may digmaan, diskuntento, paghihiwalay. Nawa ang liwanag ni Kristo ay maghatid sa atin ng pagkakaisa sa ating mga isipan, salita at gawa.

Pagbabasbas at paghayo

L: Dumadalangin kami sa iyo, Maawaing Diyos:

Nawa ang humihingi ng pagkaksundo ay iyong matugunan

Upang kanilang maipahayag ang Iyong kamangha-manghang gawa ng Pag-ibig!

Idinadalangin namin ito sa pangalan ng Iyong Anak, na si Hesukrsito na aming Panginoon.

K: Amen.

Lahat: Nawa ang pagpapala ng Makapangyarihang Diyos,

L: Ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo.

Ay manatili sa inyo magpakaylanman.

C: Amen.

L: Humayo ng may kapayapaan sa Diyos.

K: Salamat sa Diyos.

Isang HIMNO

